Marso 13, 2026 Kautusang Tagapagpaganap 2026-03

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP NA NAGTATATAG NG STATE ATTAINMENT WORKING GROUP

SAPAGKAT, noong 2009, pinagtibay ng Illinois P-20 Council ang isang pang-estadong layunin sa pagkamit ng edukasyon matapos ang sekundarya na nagsasaad na animnapung (60) porsyento ng mga nasa hustong gulang ay magkakaroon ng mataas na kalidad na kredensiyal matapos ang sekundarya pagsapit ng 2025; at,

SAPAGKAT, ayon sa pinakabagong datos, humigit-kumulang limampu't pitong porsyento (57%) ng mga nasa hustong gulang sa Illinois ay kasalukuyang may hawak na digri o kredensyal matapos ang sekundarya, mula sa apatnapu't isang porsyento (41%) noong 2008; at,

SAPAGKAT, ipinapahiwatig ng mga pagtataya sa lakas-paggawa na pagsapit ng 2031, mahigit pitumpung porsyento (70%) ng lahat ng trabaho ay mangangailangan ng edukasyon o pagsasanay lampas ng mataas na paaralan; at,

SAPAGKAT, natuklasan ng isang kamakailang pag-aaral ng Illinois Workforce and Education Research Collaborative na nananatili ang mga di-pagkakapareho sa akses sa magagandang trabaho, kahit na may katulad na digri, programang pinag-aralan, o industriya sa iba't ibang lahi, kita, at kasarian, ngunit pinapaliit ng mas mataas na edukasyon ang mga agwat na ito; at,

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng mga estratehikong pamumuhunan at mga desisyon sa polisiya, nakapagtamo ang Illinois ng malaking progreso sa pagpapalawak ng akses sa kolehiyo at mga oportunidad sa pagsasanay sa lakas-paggawa sa buong Estado; at,

SAPAGKAT, ang taglagas ng 2025 ay nagtala ng pinakamataas na kabuuang bilang ng mga nag-enroll sa mga pampublikong unibersidad ng Illinois sa loob ng sampung (10) taon, at ikaapat na sunod-sunod na taon ng paglago sa bilang ng mga nag-enroll para sa mga community college ng Illinois; at,

SAPAGKAT, mula noong 2019, lubos na pinalawak ng Illinois ang kakayahang makapag-aral sa kolehiyo, na nagdala ng pondo para sa Monetary Award Program (MAP) sa $721 milyon sa Taong Piskal 2026, isang pagtaas ng $320 milyon, at nagdoble ng pondo para sa AIM HIGH Grant Program sa $50 milyon; at,

SAPAGKAT, ang kombinasyon ng MAP at Pell Grant ay nagbibigay-daan sa halos bawat resipyent na nasa o mas mababa sa median na kita sa Illinois na makapag-aral sa community college nang libre ang matrikula; at,

SAPAGKAT, ang bahagi ng mga undergraduate na mag-aaral sa loob ng estado sa mga pampublikong unibersidad na hindi nagbabayad ng matrikula at iba pang singil ay tumaas mula dalawampu't apat na porsyento (24%) noong Taong Piskal 2018 tungo sa apatnapu't apat na porsyento (44%) noong Taong Piskal 2025; at,

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng Rebuild Illinois, ang Estado ay namuhunan ng $42.3 milyon upang magtayo at magpalawak ng mga akademya para sa pagsasanay sa pagmamanupaktura sa mga community college sa gitna at timog Illinois, kabilang ang Heartland Community College, Southwestern Illinois College, Kankakee Community College, at Richland Community College, na may karagdagang mga pagpapalawak na isinasagawa; at,

SAPAGKAT, ang Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA) ay nagtatatag ng pederal na balangkas para sa sistema ng pagpapaunlad ng lakas-paggawa ng Illinois, na tumutulong sa mahigit 25,638 na mga manggagawang nawalan ng trabaho, mga nasa hustong gulang, at kabataan na malampasan ang mga hadlang sa mga landas sa karera at pagkamit ng kredensyal; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Works Pre-Apprenticeship Program, na inilunsad noong 2021 na may layuning palawakin ang pagkakaiba-iba at akses sa mga programa ng apprenticeship sa larangan ng konstruksyon, ay nakapagtapos na ng mahigit 3,900 taga-Illinois sa pamamagitan ng programa; at,

SAPAGKAT, simula nang ilunsad noong 2019, ang Workforce Empowerment Initiative ay nakapaglingkod na sa mahigit 15,000 nasa hustong gulang, na nagpapalawak ng akses sa mga oportunidad sa pagsasanay at mga serbisyong sumusuporta para sa mga indibidwal na nakararanas ng kahirapan, na nagbibigay-daan sa kanila na makapagsimula ng mga karerang may sahod na hindi bababa sa tatlumpung (30) porsyento na mas mataas sa nakabubuhay na sahod sa mga larangang mataas ang demand tulad ng pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, teknolohiya ng impormasyon, konstruksyon, at edukasyon; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Vocational Rehabilitation Program, na naglilingkod sa mga taga-Illinois na may kapansanan upang makamit ang independensiya sa pamamagitan ng trabahong may maayos na kita, ay nagbigay sa mahigit 38,000 kalahok ng pang-karera at edukasyonal na pagsasanay sa Taong Piskal 2025; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Department of Corrections at ang mga katuwang nito ay nagbibigay sa mga indibidwal na nasa kustodiya ng edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, at iba pang paghahanda upang makapasok sa lakas-paggawa. Noong 2024, mahigit 53,000 indibidwal na nasa kustodiya ang lumahok sa Adult Basic Education o Advanced Adult Basic Education, Adult Secondary Education, mga programa para sa digri sa kolehiyo, bokasyonal na edukasyon, o mga webinar kasama ang mga katuwang sa lakas-paggawa na nakabase sa komunidad; at,

SAPAGKAT, ang Employer Training Investment Program ay nagbibigay ng mga mapagkukunan nang direkta sa komunidad ng mga employer upang suportahan ang mga nakabalangkas na programa sa pagsasanay sa trabaho at mga oportunidad para sa pagpapahusay ng kasanayan sa trabaho, at noong 2024, sinuportahan ng programa ang pagsasanay para sa 68,407 manggagawa sa buong Illinois; at,

SAPAGKAT, noong 2026, pinangalanan ng Site Selection Magazine ang Illinois bilang nangungunang lider para sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa sa rehiyon ng Midwest; at,

SAPAGKAT, bagaman malaki na ang naging hakbang ng Illinois sa pagpapalawak ng akses sa mga oportunidad matapos ang sekundarya, dapat nitong ituon ang mga pagsisikap upang makasabay sa inaasahang mga pangangailangan ng lakas-paggawa at tugunan ang patuloy na umiiral na pagkakaiba sa lahi, rehiyon, at sosyoekonomiko sa pagkamit ng mga kredensyal na may mataas na oportunidad, trabaho, at kita; at,

SAPAGKAT, ang mabilis na ebolusyon ng artificial intelligence ay muling hinuhubog ang mga pangangailangan ng lakas-paggawa at lumilikha ng mga bagong oportunidad at panganib para sa mga manggagawa at mag-aaral; at,

SAPAGKAT, ang kaunlaran ng Illinois sa hinaharap ay nakasalalay sa isang bihasa at madaling umangkop na lakas-paggawa na tumutugon sa nagbabagong pangangailangan ng mga employer at sumusuporta sa inklusibong paglago ng ekonomiya; at,

SAPAGKAT, ang pagkamit ng mga resultang ito ay nangangailangan ng koordinadong pagkilos sa iba't ibang ahensya ng Estado, institusyon, at organisasyon, bawat isa ay may natatangi ngunit magkakaugnay na mga tungkulin sa pagpapalawak ng akses sa edukasyon at pagsasanay, pagpapalakas ng mga landas sa karera, at pagsusulong ng ekonomikong mobilidad para sa mga mag-aaral at manggagawa sa buong Illinois;

KAYA, ako, si JB PRITZKER, Gobernador ng Illinois, sa bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Konstitusyon ng Illinois at ng mga batas ng Estado ng Illinois, sa pamamagitan nito ay nag-uutos ng mga sumusunod:

Seksyon 1. Pagkakatatag ng isang State Attainment Working Group

Isang State Attainment Working Group ("Working Group") ang itinatatag sa Tanggapan ng Gobernador upang magrekomenda ng layunin ng estado para sa mga digri matapos ang sekundarya at mga kredensyal na may halaga sa Gobernador bago ang Disyembre 1, 2026. Sa pagbuo ng rekomendasyon nito, ang Working Group ay dapat:

A. Magsagawa ng komprehensibong pagsusuri ng mga umiiral na plano ng estado at rehiyon sa edukasyon at lakas-paggawa, kabilang ang: A Thriving Illinois, ang 5-Taong Plano sa Paglago ng Ekonomiya ng Illinois, ang Perkins V State Plan, ang WIOA Unified Plan, Supplemental Nutrition Assistance Program Employment & Training na plano ng estado, Illinois Multi-Sector Plan on Aging, mga estratehikong plano ng mga kolehiyo at unibersidad, mga plano ng rehiyon sa lakas-paggawa, at iba pang kaugnay na mga plano at ulat ng estado;

B. Hangga't maaari, tiyakin ang pagkakatugma sa mga umiiral na pagsisikap ng Estado, kabilang ang pagpapatupad ng Workforce Pell at pang-karera at teknikal na edukasyon;

C. Lumikha at magpatupad ng isang plano para sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na lupon ng lakas-paggawa, mga institusyon matapos ang sekundarya, mga organisasyong pang-ekonomikong pag-unlad ng Illinois, mga employer, mga asosasyon ng employer, mga lider ng industriya, mga unyon ng manggagawa, mga estudyante, mga organisasyon ng adbokasiya at pananaliksik sa mas mataas na edukasyon, at mga organisasyong nakabase sa komunidad upang matiyak ang malawak na representasyon at pagkakatugma sa iba't ibang sektor;

D. Suriin ang pambansa, pang-estado, at lokal na datos, at iba pang kaukulang mga mapagkukunan, upang matukoy ang kasalukuyan at inaasahang mga trend at pangangailangan sa lakas-paggawa ng estado at rehiyon hanggang 2040;

E. Tayahin ang mga antas at uri ng mga digri at kredensyal na may halaga matapos ang sekundarya, kabilang ang mga kredensyal na hindi pang-digri, na kakailanganin upang matugunan ang inaasahang pangangailangan sa lakas-paggawa sa antas ng estado at rehiyon;

F. Tukuyin ang mga kredensyal na may halaga sa paraang, sa pinakamababa, isinasaalang-alang ang pagkakatugma sa kasalukuyan at inaasahang demand sa merkado ng paggawa, ang kita sa ekonomiya ng isang kredensyal, at ang potensyal nito na suportahan ang ekonomikong mobilidad para sa mga mag-aaral at manggagawa;

G. Tukuyin ang agwat sa pagitan ng inaasahang pangangailangan sa lakas-paggawa at inaasahang antas ng pagkamit ng mga digri at kredensyal na may halaga sa estado at sa bawat rehiyon; at

H. Magsumite ng mga natuklasan sa Gobernador at magrekomenda ng isang pang-estadong layunin sa pagkamit ng edukasyon matapos ang sekundarya para sa 2040 na nakatuon sa mga digri at kredensyal na may halaga na nakaayon sa mga pangangailangan ng lakas-paggawa sa estado at rehiyon, nagsusulong ng ekonomikong mobilidad para sa mga taga-Illinois, at naglalayong alisin ang mga pagkakaiba sa edukasyon at ekonomiya. Dapat kasama sa mga natuklasan ang mga konklusyon mula sa landscape analysis, ang proseso ng Working Group para sa pagbuo ng inirerekomendang layunin, at ang posibilidad at halaga ng pagtatatag ng mga rehiyonal, institusyonal, at/o pinaghiwa-hiwalay na mga layunin para sa paglago sa pagkamit.

Seksyon 2. Miyembro at mga Responsibilidad ng Working Group

A. Miyembro ng Working Group

Ang Working Group ay bubuuin ng mga kinatawan, na pipiliin ng Gobernador, mula sa mga sumusunod:

1. Mga Miyembro mula sa Edukasyon at Lakas-Paggawa
    a. Illinois Board of Higher Education (IBHE)
    b. Illinois Community College Board (ICCB)
    c. Illinois Department of Employment Security (IDES)
    d. Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO)
    e. Illinois Student Assistance Commission (ISAC)
    f. Illinois State Board of Education (ISBE)
    g. Mga Kinatawan ng Illinois Workforce Innovation Board (IWIB).

2. Mga Miyembrong Tagapayo
    a. Illinois Department of Human Services (IDHS)
    b. Illinois Department of Corrections (IDOC)
    c. Illinois Department of Public Health (IDPH)
    d. Kinatawan mula sa Tanggapan ng Unang Ginang
    e. Iba pang mga ahensya ayon sa pagtatalaga ng Tanggapan ng Gobernador.

B. Pamumuno at Administratibong Responsibilidad

Ang DCEO, ICCB, IBHE, at IDES ay magsisilbing mga co-chair ng Working Group at magbibigay ng administratibo, lohistikal, at propesyonal na suporta mula sa mga kawani para sa operasyon ng Working Group.

C. Pangkalahatang Responsibilidad ng mga Miyembro ng Working Group

Bawat ahensyang kalahok sa Working Group ay:

1. Magtatalaga ng isang nakatataas na kinatawan na lalahok sa Working Group;
2. Maglalaan ng suporta mula sa mga kawani para sa Working Group, kabilang ang akses sa mga kaugnay na datos at kakayahang mag-analisa, kung naaangkop; at
3. Tutulong sa pagbuo ng mga natuklasan at rekomendasyon ng Working Group gaya ng inilarawan sa Seksyon 1(H).

Maaaring makipagtulungan ang Working Group sa mga eksperto sa paksa at mga consultant upang suportahan ang pagpapatupad ng kautusang ito.

D. Mga Responsibilidad ng Mga Miyembrong Tagapayo

1. **Illinois Department of Human Services**

Ang IDHS ay dapat magpayo sa Working Group upang matiyak na ang mga rekomendasyon ay sumasalamin sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na nahaharap sa mga hadlang sa ekonomiya at lipunan at ang mga ito ay nababatay sa administrasyon ng mga programa sa serbisyong pantao na sumusuporta sa edukasyon at partisipasyon sa lakas-paggawa.

2. **Illinois Department of Corrections**

Ang IDOC ay dapat magpayo sa Working Group hinggil sa mga implikasyon ng mga iminungkahing depinisyon ng kredensyal at mga layunin sa pagkamit para sa mga indibidwal na nakakulong o naapektuhan ng hustisya.

3. **Illinois Department of Public Health**

Ang IDPH ay dapat magbigay ng mga pagsusuri sa datos ng populasyon at mga trend ng demograpiko upang suportahan ang Working Group, kabilang ang mga pagtataya ng mga pagbabago sa demograpiko na maaaring makaapekto sa pangangailangan sa lakas-paggawa, partisipasyon sa edukasyon, at patas na akses sa mga oportunidad matapos ang sekundarya sa iba't ibang rehiyon ng estado.

4. **Tanggapan ng Unang Ginang**

Ang Tanggapan ng Unang Ginang ay dapat magtalaga ng isang kinatawan upang magpayo sa Working Group at upang matiyak na ang mga rekomendasyon nito ay batay sa mga pagsisikap nito na isulong ang kapakanan, seguridad sa ekonomiya, at mga oportunidad sa edukasyon at lakas-paggawa para sa mga kababaihan sa buong Illinois, kabilang ang mga kababaihang nahaharap sa mga sistemikong hadlang, gaya ng pagkakasangkot sa hustisya.

Seksyon 3. Pagbabahagi ng Datos

Ang mga kalahok na ahensya ay dapat, hangga't maaari, pabilisin ang mga kasunduan sa pagbabahagi ng datos upang suportahan ang mga pagsisikap ng Working Group. Ang mga naturang aktibidad ay tahasang magbabawal sa mga ahensya ng estado na magpataw ng anumang bayarin o singil para sa pagtutugma o pagpapalitan ng datos sa ibang mga ahensya ng estado.

Seksyon 4. Termino ng Working Group

Ang Working Group ay bubuwagin sa oras na maisumite ang ulat nito sa Gobernador, na maaaring muling itatag ng susunod na Kautusang Tagapagpaganap.

Seksyon 5. Pangligtas na Sugnay

Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang dapat ipakahulugan na sumasalungat sa alinmang batas o regulasyon ng pederal o ng Estado. Wala ring anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa umiiral na mga kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensiya ng estado.

Seksyon 6. Pagkakahiwalay

Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipawalang-bisa ng anumang hukuman na may kaukulang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang pinawalang-bisang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idinedeklarang maaaring paghiwalayin.

Seksyon 7. Petsa ng Pagkakabisa

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

_____
JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Marso 13, 2026
Inihain sa Kalihim ng Estado: Marso 13, 2026